KATIYAKANG KAALAMAN (FACT SHEET): Isinusulong ng Administrasyong Biden-Harris ang Pagkakapantay-pantay at Oportunidad para sa mga Komunidad ng Asian American, Native Hawaiian, at Pacific Islander sa Buong Bansa | Ang White House

Ang White House

Kinikilala nina Pangulong Biden at Pangalawang Pangulong Harris ang pagkakaiba-iba ng mga kultura, lawak ng tagumpay, at kahanga-hangang kontribusyon ng mga komunidad ng Asian American, Native Hawaiian, at Pacific Islander (AA at NHPI), habang binibigyan din ng pansin ang mga sistematikong hadlang sa pagkapantay-pantay, katarungan, at oportunidad kung saan napakarami pa ring AA at NHPI na mga tao sa buong Estados Unidos ang hindi makamit ang kanilang mga pangarap. Sa loob ng mahigit tatlong taon, ginamit ng Administrasyong Biden-Harris ang buong puwersa ng Pederal na Pamahalaan para tiyakin ang pangako ng America para sa lahat ng komunidad ng AA at NHPI — kabilang ang pagpapalabas ng Executive Order na nagtatatag ng Advisory Commission (Komisyon sa Pagpapayo) ng Pangulo at White House Initiative on Asian Americans, Native Hawaiians, and Pacific Islanders (WHIAANHPI) (Inisyatiba ng White House para sa mga Asian American, Native Hawaiian, at Pacific Islanders. Sa pagtatapos ng pandemya ng COVID-19, naihatid ng Administrasyong Biden-Harris ang pinakapantay na pagbangon ng ekonomiya na may naitalang halos 15 milyong trabahong nalikha, kabilang ang makasaysayang paglago ng maliliit na negosyo ng AA at NHPI. Nagsusumikap din kami para matiyak ang pantay na pag-access sa isang de-kalidad na edukasyon, palawakin ang abot-kayang pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata at pamilya, labanan ang poot, pahusayin ang pagbangon mula sa kalamidad, pangalagaan ang katutubong pamana at mga lupain, at protektahan ang mga karapatang sibil sa pamamagitan ng pagsusulong ng access sa wika at pagkapantay-pantay sa datos. Ang Administrasyong Biden-Harris ay nananatiling nakatuon sa pamumuhunan sa kinabukasan ng lahat ng komunidad ng AA at NHPI.

Pagsulong ng Pagsasama at Oportunidad para sa mga Komunidad ng AA at NHPI
Simula sa Unang Araw ng pagpapatupad ng Executive Order (EO) ng Pangulo, ang Administrasyong Biden-Harris ay nagsumikap na isulong ang pagkakapantay-pantay ng lahi at tiyakin ang buo at patas na pakikilahok ng lahat ng tao sa pamumuhay ng mga Amerikano. Kabilang dito ang pagpapabuti ng matagal nang pagkolekta ng datos ng pederal na pamahalaan at mga kasanayan sa pag-uulat na sa kasaysayan ay walang naaangkop na pagkakahati-hati, na kung saan ay napakadalas na nag-ambag sa masakit at matagal nang paniniwala ng pag-uuri sa mga tao (stereotype), nakakubli ang mga pagkakaiba sa loob ng mga komunidad ng AA at NHPI, at nabigong sukatin, ipakita, at tumugon sa pagkakaiba-iba ng mga karanasan sa AA at NHPI.

- **Pagpapalawak at pagbubuo ng kakayahan para sa nahiwa-hiwalay na datos.** Noong Abril 2022, naglabas ang White House ng mga rekomendasyon para sa pagtaas ng koleksyon ng datos para masukat ang pagkakapantay-pantay at mas pahusayin ang representasyon sa pagkakaiba-iba ng mga Amerikano, kabilang ang mga komunidad ng AA at NHPI. Noong Marso 2024, binago ng White House Office of Management and Budget (Tanggapan ng Pamamahala at Badyet ng White House) ang Mga Pamantayan para Pagpapanatili, Pagkolekta, at Paglalahad ng Pederal na Datos sa Lahi at Etnisidad (Standards for Maintaining, Collecting, and Presenting Federal Data on Race and Ethnicity) sa unang pagkakataon sa loob ng 27 taon, na tumutulong sa pagtiyak na ang mga indibidwal ng AA at NHPI ay mas ganap na matukoy ang sariling pagkakakilanlan sa pamamagitan ng partikular na etnisidad
- **Pagpapalawak ng pag-access sa wika at pagpapanatili ng pagkakakilanlang pangwika.** Binabawasan ng Administrasyong Biden-Harris ang mga hadlang para sa mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga serbisyo sa pederal na pag-access ng wika at pagtiyak na ang impormasyon sa mga programa, serbisyo, at benepisyo ng pamahalaan ay ibinibigay sa maraming wika, kabilang ang mga wikang Asyano. Ang Badyet ng Pangulo para sa Fiscal Year (Taon ng Panalalapi) FY 2025 ay nabubuo sa mga pagsisikap na ito na may pagpopondo para palawakin ang kakayahan ng pederal sa pagpapa-access ng wika.

Paglaban sa Pagkapoot Laban sa mga Asyano, Pagpapabuti ng Pampublikong Kaligtasan, at Pagprotekta sa Mga Karapatang Sibil
Isinusulong at ipinatutupad ng Administrasyong Biden-Harris ang mga karapatang sibil para maihatid ang pinaka-makatarungang mga resulta para sa mga komunidad na kulang sa serbisyo. Gumagawa ng mga hakbang ang mga pederal na ahensya para protektahan ang sibil at konstitusyonal na mga karapatan ng lahat ng tao at tanggalin ang diskriminasyong batay sa pagkakakilanlan.

- **Pagharap sa masamang epekto ng pagkapoot.** Linagdaan ni Pangulong Biden ang COVID-19 Hate Crimes Act (Batas sa Mga Krimen dahil sa Pagkapoot sa COVID-19) na naipatupad noong 2021 at naglabas ng bagong patnubay para itaas ang kamalayan sa mga krimen dahil sa pagkapoot sa panahon ng COVID-19 na pandemya, kabilang ang pagtaas ng mga insidente na nagpupuntirya sa mga komunidad ng AA at NHPI. Ayon sa datos ng FBI, bumaba ng 33 porsiyento ang mga krimen dahil sa pagkapoot na nagpupuntirya sa mga Asian American mula 2021 hanggang 2022. Pinalawak din ng Departamento ng Hustisya (Department of Justice, DOJ) ang kanyang Inisyatiba sa Pagkakaisa Laban sa Pagkapoot (United Against Hate Initiative), sa lahat ng 94 na Tanggapan ng Abogado ng U.S. sa buong bansa para pahusayin ang pag-uulat tungkol sa mga krimen dahil sa pagkapoot at mga insidente ng pagkapoot. Susuportahan ng mga pagsisikap na ito ang mga komunidad ng AA at NHPI na patuloy na nahaharap sa mga hadlang at hindi hustong ulat ng mga insidente ng pagkapoot.
- **Pag-alis sa pagkiling at diskriminasyon.** Kumikilos ang Administrasyong Biden-Harris gamit ang $1 billion mga bagong pamumuhunan para dagdagan ang suporta para sa mga programa para pag-ugnayin ang pagkabaha-bahagi at labanan ang karahasan dahil sa pagkapoot, at nagtatag ng pangkat sa pagitan ng mga ahensya (interagency) para labanan ang antisemitism, Islamophobia, at mga kaugnay na anyo ng pagkiling at diskriminasyon. Noong Nobyembre 2023, inanunsyo ng White House ang mga plano sa pagbuo ng kauna-unahang Pambansang Estratehiya sa Paglaban sa Islamophobia (U.S. National Strategy to Counter Islamophobia), isang pagsisikap ng buong lipunan na tugunan ang lahat ng anyo ng pagkapoot, pandidiskrimina, at pagiging bias laban sa Muslim, Sikh, South Asian, at mga komunidad ng Arab sa America.

Lumalagong Oportunidad sa Ekonomiya para sa Mga Pamilya at Komunidad ng AA at NHPI
Sa pamamagitan ng dalawang makasaysayang Executive Order sa pagkapantay-pantay, ang landmark ng Pangulo sa Pamumuhunan sa America na agenda, at sa pagpapatupad ng pangunahing batas, tinutugunan ng Administrasyong Biden-Harris ang matagal nang hindi pagkakapantay-pantay sa ekonomiya at naghahatid ng seguridad, kadaliang kumilos, at kaunlaran para sa mga pamilya at komunidad ng AA at NHPI.

- **Pagdaragdag ng mga parangal sa pederal na kontrata sa mga maliliit na negosyo ng mahihirap.** Noong 2021, nagtakda si Pangulong Biden ng matapang na layunin na taasan sa 15% ang kabuuang pakikipagkontrata ng pederal na pamahalaan sa maliliit na negosyo (federal contracting dollars) para sa mga maliliit at dehadong negosyo (small disadvantaged businesses, SDB) pagsapit ng 2025. Kabilang dito ang mga maliliit na negosyong pag-aari ng AA at NHPI. Noong 2023, ginawaran ng mga pederal na ahensya ang mga SDB ng pinakamataas sa kasaysayan na $76.2 bilyon – o 12.1% ng lahat ng pakikipagkontrata ng pederal na pamahalaan sa maliliit na negosyo. Kinakatawan nito ang ikatlong magkakasunod na taon ng pinakamataas sa kasaysayan na mga parangal sa mga SDB sa ilalim ni Pangulong Biden, at inilalagay ang Administrasyon sa landas para maabot ang layunin ng Pangulo na pataasin ang pakikipagkontrata ng pederal na pamahalaan sa mga SDB ng 50% pagsapit ng 2025. Noong nakaraang taon, ang mga parangal sa mga negosyong pag-aari ng Asian American ay umabot ng higit sa $20 bilyon, isang pagtaas ng $2.7 bilyon kumpara sa nakaraang taon.
- **Pagsuporta sa mga may-ari ng maliliit na negosyo ng AA at NHPI.** Noong FY23, sinuportahan ng Pangasiwaan ng Maliliit na Negosyo ng U.S. (Small Business Administration) ang 7,500 na pautang sa mga negosyong pag-aari ng AAPI, na sa kabuuan ay higit sa $6.4 na bilyon. Nangangahulugan iyon na ang kabuuang pautang ay tumaas ng 44% sa ilalim ng Administrasyong Biden-Harris, at ang kabuuang pautang na pera ay tumaas ng 36%.
- **Pagpapabuti ng pakikipag-ugnayan sa mga negosyo at negosyante ng AA at NHPI.** Noong Enero 2023, ang WHIAANHPI – sa pakikipagtulungan ng Small Business Administration, ang National Asian / Pacific Islander American Chamber of Commerce & Entrepreneurship, at mga pederal, estado, at lokal na katuwang – ay naglunsad ng serye ng mga regional economic summit para ikonekta ang AA at NHPI na mga may-ari ng negosyo, mga negosyante, at pinuno ng komunidad nang

direkta sa mga mapagkukunan ng pederal na pamahalaan tulad ng pagkontrata at mga oportunidad sa trabaho.

- **Paglutas sa mga problema sa agwat ng sahod dahil sa kasarian at lahi.** Ang mga kababaihan ng AA at NHPI ay labis na kinakatawan sa front line at mababang sahod na mga manggagawa ng Bansa. Ang Administrasyong Biden-Harris ay gumagawa ng bagong mga pagkilos para labanan ang pagkakahiwalay sa trabaho at isulong ang pang-ekonomiyang seguridad ng kababaihan, tulad ng pagpapalawak ng access sa mga trabahong may magandang suweldo at apprenticeship, pagpapataas ng access sa abot-kayang pangangalaga at suporta para sa mga tagapag-alaga, at pagsusulong ng pagkakapantay-pantay sa suweldo at pagiging transparent sa pagbabayad. Ang Departamento ng Paggawa (Department of Labor) ay nag-anunsyo ng bagong pagpopondo para protektahan ang mga hindi nabibigyan ng serbisyo at napapabayaang mga manggagawang kababaihan mula sa karahasan at panliligalig na nakabatay sa kasarian. Ginawang pinal din ng bagong panuntunan para maibalik at palawakin ang mga proteksyon sa overtime sa milyun-milyong manggagawa, kabilang ang mga manggagawa sa AA at NHPI.
- **Pagharap sa kahirapan ng mga batang AA at NHPI.** Nilagdaan at ipinatupad ni Pangulong Biden ang Planong Pagsagip sa America (American Rescue Plan, ARP)– batas na nagpalakas ng makasaysayan at patas na pagpapanumbalik mula sa pandemyang COVID-19, kabilang ang naitalang pinakamababang kahirapan ng mga batang AA at NHPI noong 2021 na hinimok ng pagpapalawak ng Child Tax Credit (CTC). Ibinabalik ng FY 2025 na Budget ng Pangulo ang pinalawak na CTC, na mag-aalis sa tinatayang tatlong milyong bata mula sa kahirapan, kabilang ang mga komunidad ng AA at NHPI na nakararanas ng walang katumbas na mas mataas na antas ng kahirapan sa mga bata.

Pagsulong ng Kahusayan na Pang-edukasyon para sa mga Mag-aaral at Institusyon ng AA at NHPI

Ang Administrasyong Biden-Harris ay gumawa ng mahusay na progreso para matiyak na ang mataas na kalidad ng edukasyon ay naa-access at naaabot na pangako ng Pangarap sa America (American Dream) para sa lahat. Mula sa mahigit $160 bilyon na makasaysayang kaluwagan sa utang ng mag-aaral para sa mahigit 4.6 milyong nanghihiram sa pamamagitan ng iba't ibang aksyon, hanggang sa pag-secure ng pinakamalaking puhunan na $130 bilyon para sa pampublikong edukasyon, nakatuon si Pangulong Biden sa pagkapantay-pantay sa edukasyon, kabilang ang para sa mga AA at NHPI na mag-aaral.

- **Pagpapalakas ng kakayahan ng mga AANAPISI.** Noong Setyembre 2023, inilabas ni Pangulong Biden ang kauna-unahang Proklamasyon ng White House para kilalanin ang Mga Nagseserbisyong Institusyon ng Pambansang Asian American at Native American Pacific Islander (National Asian American at Native American Pacific Islander-Serving Institutions, AANAPISIs), na nagbibigay ng halos 50% ng associate degree at halos 30% ng baccalaureate degree sa lahat ng taong kabilang sa mga AA at NHPI sa Estados Unidos. Naghatid ang Administrasyong Biden-Harris ng $5 bilyon na pondo ng ARP para suportahan ang mga AANAPISI.
- **Pagsulong ng pagkapantay-pantay sa edukasyon.** Sa ilalim ng ARP, ang mga paaralan ng Title I ay nakatanggap ng $130 bilyon sa pagpopondo na may mga rekisito sa Pagpapanatili ng Pagkakapantay-pantay para protektahan ang mga paaralang may mataas na bilang ng kahirapan mula sa mga pagbabawas ng pondo ng Estado at lokal na edukasyon. Noong 2021, 60% ng Pacific Islander at 35% ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan ng Asian American ay lumahok sa mga programa ng Title I o mga programa ng tulong na nakatuon sa publiko.
- **Pagsuporta sa mga mag-aaral sa kolehiyo na may mababang kita.** Napanatili ng Pangulo ang pinakamalaking pagtaas sa mga Pell Grant sa loob ng isang dekada, at pinalawak ang pagiging kwalipikado para sa maximum na Pell Grant para sa higit pang 1.7 milyong Amerikano, na tumutulong sa mga mag-aaral na mababa ang kita na maabot ang kanilang pangarap na ituloy ang edukasyon sa kolehiyo. Ayon sa pinakahuling pampublikong datus, halos 30% ng mga mag-aaral ng AA at NHPI ay mga tumatanggap ng tulong pinansyal ng pederal na pamahalaan at tumatanggap ng karaniwang parangal na mahigit $5,000 sa bawat mag-aaral.

Pagpapabuti ng Kalusugan at Kapakanan ng mga Komunidad ng AA at NHPI

Ang Administrasyong Biden-Harris ay gumawa ng pagkilos para isulong ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan para matugunan ang mga pangangailangan ng mga komunidad na kulang sa serbisyo, kabilang ang mga komunidad ng AA at NHPI.

- **Pagpapalawak ng access sa mataas na kalidad, abot-kaya, at ang pangangalagang**

pangkalusugan na nagsasama ng kultura. Mahigit 45 milyong tao ang kasalukuyang nasasaklaw sa pamamagitan ng Mga Batas sa Abot-kayang Pangangalaga (Marketplace ng Affordable Care Act) at pagpapalawak ng Medicaid – mas mahigit sa 14 na milyon kaysa noong naupo ang Pangulo noong 2021. Noong Setyembre 2023, ang Departamento ng Kalusugan at Serbisyong Pantao (Department of Health and Human Services, HHS) ay nag-anunsyo din ng $8 milyon na mga gawad para sanayin ang mga medikal na propesyonal sa pagbibigay ng pangangalagang naaangkop sa kultura at wika para sa mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa Ingles, kabilang ang mga mula sa mga komunidad ng AA at NHPI.

- **Pagprotekta sa mga komunidad ng AA at NHPI mula sa mapaminsalang polusyon.** Ang Administrasyong Biden-Harris ay namuhunan ng bilyun-bilyong dolyar para alisin ang mga nakalalasong kemikal na Perfluroalkyl at Polyfluroalkyl Substances (PFAS) sa inuming tubig, hangin, lupa, at supply ng pagkain sa Bansa, na nauugnay sa kanser, pinsala sa organo, at mga isyu sa pag-unlad ng mga bata. Napag-alaman sa isang pag-aaral noong 2023 na ang mga AA at NHPI na nasa America ay may mas mataas na pagkakalantad sa PFAS kaysa sa ibang mga pangkat etniko o lahi. Noong Abril 2024, inilabas ngAhensya ng Pangangalaga sa Kapaligiran (Environmental Protection Agency) ang kauna-unahang pambansang pamantayan ng inuming tubig para sa PFAS, na magpoprotekta sa 100 milyong tao mula sa pagkakalantad, maiwasan ang libu-libong malalang sakit, at magliligtas ng mga buhay.
- **Ang pagpapanumbalik ng access sa mga benepisyo mula sa pederal na pamahalaan para sa ilang Pacific Islander na naninirahan sa U.S.** Nilagdaan bilang batas ni Pangulong Biden ang Consolidated Appropriations Act ng 2024, na nagpanumbalik ng pagiging kwalipikado para sa mga pampublikong benepisyo ng pederal na pamahalaan para sa mga mamamayan ng Compacts of Free Association (COFA) na naninirahan sa Estados Unidos.

Pagpaparangal at Pagpapanatili ng Kultura ng Native Hawaiian at Pacific Islander
Nakatuon ang Administrasyong Biden-Harris sa pagpapanatili ng mga tradisyon, kultura, wika, at mga lupain na tinawag na tahanan ng mga Katutubong Hawaiian at Pacific Islander sa loob ng maraming siglo.

- **Pagbibigay ng buong pagtugon ng pamahalaan pagkatapos ng mapanirang sunog sa Maui.** Ang Administrasyong Biden-Harris ay nagtalaga ng mga pederal na mapagkukunan sa maraming ahensya bilang tugon sa mga mapaminsalang wildfire. Kasama sa mga pagsisikap sa pagtulong ang pag-iingat ng mga kultural na artifact at paglalagay ng mga tagapayo sa kultura para tumulong sa patuloy na proseso ng panunumbalik.
- **Tinitiyak ang pantay na pakikipag-ugnayan sa mga katutubong komunidad.** Sa unang pagkakataon, nirerekisito na ngayon ng Departamento ng Interyor (Department of Interior, DOI) ang pormal na konsultasyon sa mga Native Hawaiian; at noong Pebrero 2024, inihayag ng DOI ang bagong patnubay sa paggamit ng wikang Hawaiian bilang paggunita sa Mahina ʻŌlelo Hawaiʻi o Buwan ng Wika ng Hawaiian. Noong Disyembre 2023, nakumpleto ng Konseho ng White House sa Mga Ugnayan ng Native American ang *Gabay sa Pinakamahuhusay na Kasanayan para sa Mga Sagradong Lugar ng Tribo at Native Hawaiian*; at naglabas ng pangwakas na tuntunin ang DOI para magbigay ng proseso para sa pagbabalik ng mga labi ng tao at mga sagrado o kultural na bagay saMga Nasyon ng Tribo at Organisasyon ng Native Hawaiian (Tribal Nations at Native Hawaiian Organizations).
- **Pagpapalakas ng muling pagpapasigla ng Katutubong wika at pangangalaga ng Katutubong kaalaman.** Noong Oktubre 2023, naglabas ang Departamento ng Edukasyon ng mahigit sa $11 milyon para mapanatili ang mga Katutubong wika at pataasin ang pagpapanatili ng Katutubong guro.
- **Pagpapatibay ng pamana ng kultura at katatagan.** Noong Setyembre 2023, inihayag ng Pambansang Paggawad sa Humanidades (National Endowment for the Humanities) ang Inisyatiba sa Kultura ng mga Taga Isla Pasipiko (Pacific Islands Cultural Initiative), at naglaan ng $1.3 milyon sa paunang pagpopondo para patibayin ang pamana ng kultura at katatagan sa American Samoa, Guam, Hawaii, at Commonwealth of the Northern Mariana Islands (CNMI). Mula noong 2021, ang Pambansang Paggawad para sa Sining (National Endowment for the Arts) ay namahagi din ng halos $6 milyon sa pederal na pagpopondo sa Hawaii.
- **Pagpapalakas ng mga programa sa pabahay para sa mga pamilyang Native Hawaiian.** Noong Abril 2023, sa pamamagitan ng suporta ngDepartamento ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod, HUD (Department of Housing and Urban Development), angDepartamento ng mga Lupang Tahanan ng Hawaii (Department of Hawaiian Home Lands, DHHL) ay naglunsad ng programa ng tulong sa pagpapaupa na nakabatay sa nangungupahan para sa mga kupuna

(nakatatanda). Noong Pebrero 2024, inanunsyo ng HUD ang isang pangwakas na panuntunan para magbigay ng mas abot-kayang mga opsyon sa pabahay para sa mga Native Hawaiian, na nagbibigay-daan sa mas maraming pamilya na manirahan sa mga lupang tahanan ng Hawaii.

Muling Pagbuo ng Sistema ng Imigrasyon at Pagsuporta sa mga Bagong Amerikano
Bagama't nabigo ang Kongreso na isulong ang komprehensibong panukala ni Pangulong Biden para sa pagreporma ng ating mga batas sa imigrasyon at magbigay ng mas maraming mapagkukunan sa hangganan, ang Administrasyong Biden-Harris ay nagsagawa ng maraming pagkilos para baligtarin ang pinsalang nagawa sa ating sistema ng imigrasyon at tugunan ang mga hindi pa nagagawang antas ng pandaigdigang migrasyon.

- **Pagpapanumbalik ng paniniwala sa sistema ng imigrasyon ng U.S.** Naglabas si Pangulong Biden ng isang Executive Order para ibalik ang paniniwala sa legal na sistema ng imigrasyon ng ating Bansa at muling itatag ang White House Task Force on New Americans para tanggapin at suportahan ang mga bagong imigrante, kabilang ang mga refugee, at paganahin ang mga pagsisikap ng Estado sa lokal na integrasyon at pagsasama.
- **Pagsuporta sa mga indibidwal na naghahanap ng proteksyon at kaligtasan.** Nagbigay ang Administrasyong Biden-Harris ng patuloy na proteksyon sa pamamagitan ng Pansamantalang Protektadong Katayuan (Temporary Protected Status), kabilang ang mga indibidwal mula sa Nepal at Afghanistan; itinalaga ng Pangulo ang ilang residente ng Hong Kong para sa Pagpapaliban ng Sapilitang Pagpapaalis (Deferred Enforced Departure).
- **Pagsuporta sa mga Nangangarap.** Noong Mayo 2024, naglathala ang HHS ng pinal na panuntunan para sa pagpapalawig ng mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga tatanggap ng Pagpapaliban sa Pagkilos ng Pagpapaalis sa Mga Batang Lumaki sa US (Deferred Action for Childhood Arrivals, DACA). Ipinagpapatuloy ng Administrasyon ang masiglang pagtatanggol sa DACA laban sa mga legal na hamon.
- **Pagprotekta sa mga bata mula sa diskwalipikasyon sa green card dahil sa pagtanda.** Ang Administrasyong Biden-Harris ay naglabas ng bagong patnubay sa patakaran para protektahan ang mas maraming bata na pumasok sa U.S. nang ayon sa batas at naghihintay kasama ang kanilang mga magulang sa mga backlog ng immigrant visa mula sa **diskwalipikasyon sa green card dahil sa pagtanda**.